Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

Hunyo 23, 1982

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 153, s. 1982

SEMINAR-TALAKAYAN SA WIKA

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralang Pribado, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ang Philippine Normal College, bilang isa sa itinakdang Sentrong Pasanayan sa Edukasyon Bilinggwal batay sa Memorandum Pangministri Blg. 102, s. 1980, ay magdaraos ng Seminar-Talakayan sa Wika sa Agosto 11-13, 1982, sa awditoryum ng PNC at sa tulong ng Surian ng Wikang Pambansa, kaugnay ng pagdiriwang ng "Linggo ng Wika '82".

2. Ang paksa ng seminar-talakayan ay "Mga Bagong Paghamon sa Guro ng Pilipino". Ang mga layunin ay:

a. maipaunawa sa mga guro sa lahat ng antas ang mga bagong kaalaman at mga paghamon sa mga guro sa pagtuturo ng Pilipino na tulad ng patakarang edukasyong bilinggwal at ng binagong kurikulum, at

b. makapagdulot ng mga kabatiran, karanasan at kasanayan sa mabisang pagtuturo ng Pilipino.

3. Ang mga dapat dumalo sa seminar-talakayang ito ay mga propesor/instruktor/guro ng Pilipino, mga puno ng kagawaran ng Pilipino at mga tagamasid o tagapag-ugnay sa Pilipino.

4. Manggagaling sa pondong lokal o pondo ng paaralan/unibersidad ang gugugulin ng kinatawan sa pagdalo sa seminar-talakayang ito gayon din ang butaw na halagang ₱80.

5. Kalakip nito ang programa ng seminar-talakayan.

(LGD.) HERMENEGILDO C. DUMLAO
Nanunuparang Minister

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Mga Memorandum Pangministri: (Blg. 102, s. 1980) at 124, s. 1981

Pamumudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod ng paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
COMMUNICATION ARTS
OFFICIALS
SEMINAR
TEACHERS

(Kalakip ng Memorandum Pangministri Blg. 153, s. 1982)

TALATAKDAAN NG MGA GAWAIN

| | |
|---|---|
| Unang Araw<br>Agosto 11, 1982<br>Umaga | Pagpapatala ng mga kalahok sa Seminar-Talakayan<br>Pambungad na Palatuntunan<br>Bating Pagtanggap - Dr. Rebecca D. Alcantara<br>Dekana ng Pagtuturo, PNC |
| | Pananalitang Pampasigla - Dr. Ponciano B. P. Pineda<br>Direktor, Surian ng Wikang Pambansa |
| | Panayam - "Ang Kalagayan ng Pilipino sa Bagong Kurikulum ng Paaralan"<br>- Dr. Pamfilo D. Catacataca<br>Puno, Sangay ng Promosyon, SWP |
| | Talakayan sa Wika - Prop. Crisanto Rivera<br>Namamahala |
| Hapon | Panayam - "Ang Pamamahayag Pampaaralan at ang Guro ng Pilipino"<br>- Dr. Narciso Matienzo<br>Guro, Kagawaran ng Pilipino<br>Phil. Science High School |
| | Talakayan sa Wika - Prop. Natalia A. Baltazar<br>Namamahala |
| Ikalawang Araw<br>Agosto 12, 1982<br>Umaga | Panayam - "Ang Pilipino, ang Bagong Kurikulum sa Elementarya, at ang mga Paghamon sa mga Guro ng Pilipino"<br>- Dr. Pablo R. Natividad<br>Puno, Sangay ng Pagpapaunlad sa Kurikulum, Kawahinhan ng Edukasyong Pangelementarya, Ministri ng Edukasyon at Kultura |
| | Talakayan sa Wika - Prof. Lilia A. Suarez<br>Namamahala |
| Hapon | Panayam - "Mga Bagong Pananaw sa Pagtuturo ng Panitikan"<br>- Prof. Efren R. Abueg<br>Tagapangulo, Kagawaran ng Pilipino<br>De La Salle University |
| | Talakayan sa Wika - Prof. Carmelita Arceo<br>Namamahala |

| | |
|---|---|
| Ikatlong Araw<br>Agosto 13, 1982<br>Umaga | Panayam - "Ang Linggwistikang Pilipino at ang Mabisang Pagtuturo Nito"<br>- Prop. Gloria V. Baylon<br>Puno, Linggwistikang Pilipino<br>Paaralang Gradwado, PNC |
| | Talakayan sa Wika - Prop. Pat Villafuerte<br>Namamahala |
| Hapon | Bukas na Pagtatanungan - Dr. Paz N. Nicasio - SWP<br>Dr. Paz M. Belvez - PNC |
| | Pagpapahalaga sa Seminar<br>Pangwakas na Palatuntunan<br>Pagkakaloob ng Sertipiko - Dr. Edilberto P. Dagot<br>Pangulo, Dalubhasaang Normal ng Pilipinas |

#